DENR Mimaropa Region <mimaroparegion@denr.gov.ph>

# Illegal Selling and Surveying of a "FOREST RESERVE" Land in Coron

1 message

**Cecilia Wollenweber** <053162114-0001@t-online.de> Tue, Sep 21, 2021 at 7:25 PM
To: mimaroparegion@denr.gov.ph

Mrs. Cecilia Caabas Wollenweber
Brgy. Poblacion 6
Sitio Pali
Coron, Palawan 5316
Mobile: +49 160 3087 550
E-Mail: 053162114-0001@t-online.de

September 21, 2021

The Regional Executive Director
DENR MIMAROPA Region
Ms. Ma. Lourdes G. Ferrer
CESO III
Regional Executive Director

Dear Madam, Ms. Ferrer,

Good Day! po Ms. Ferrer, ako po si Mrs. Cecilia Caabas Wollenweber orihinal at ipinanganak sa Bayan ng Coron, Palawan.
Doon din po ako lumaki at nagsimulang mag aral sa mababang antas at nagpatuloy ng pag aaral sa Koleheyo sa Manila, nakapag asawa ng isang dayuhan ngunit nanatiling mapagmahal at loyal sa aking pinangalingang lugar na Isla ng Coron.

Ang dahilan po nang aking pagsulat sa inyo ay patungkol po sa mga anomalliyang nangyayari sa aking area.
Lahat po ng aking 7 magkakapatid ay pinamanahan ng aming yumaong mga magulang ng sapat na mga lupain at ito'y Titled Properties lahat.

Noong unang panahon ay napakalawak ng Pasture Land ng mga magulang ko at ng mapa tituluan na nila ito ay may isang bundok sa likod mismo ng properties namin na edeneklara ng DENR at Forestry na "FOREST Reserve". Ng namatay ang Tatay ko ay nag desisyon akung applyan itong FLAG T na hangangang ngayon ay hindi matapus tapos sa kadahilanang ang Taong dapat gumawa ng Mapa ay ayaw gawin ang nasabing Mapa dahil sa naliliitan sa pera kung ibinigay sa kanila ng inspection nila ang nasabing lugar. Ang taong ito ay si "Mr. Bebot Lanaja" at gayon din si Mr. Edwin Cac na sa tuwing ako ay pupunta sa opicina nila ay laging may dahilan o dilekaya ay absent hindi mahagilap sa kanilang mga puwesto. Inabot na ngayon ng mahigit walong taon pero wala paring resulta o action manlang ang aking application.

Noong 2020 ay bigla na lang na binakod ang siguro'y mga 300 square meter ng area nang enapplayan kung FLAG T ng isang ka Live-in Partner ng isang dayuhan na Italyano at sa napakaikling panahon ay nabigyan ng papeles. Ipinabarangay ko ang reklamo ko ngunit na dapat na umattend ng pag uusap ay ang ka Live-in partner ng Italiyano na si Ms. April Cervates, ay isang taga DENR na nag ngangalang Glenn ang dumating at siya daw ang Representative ng Ms. April Cervantes na inireklamo mo.

Ang application ko ay kinalimutan na kahit halos buwan buwan akung nagtatanong patunkol dito. Ang isang hindi taga amin na ka Live-in partner ng isang dayuhan ay napagkaluuban kaagad ng mga papeles sa napakaikling panaho??????
Nakikiusap po ako Maam,, maari ni'yo bang mapa imbestigahan ang mga ganitong gawain ng DENR Coron???? Napakarami pong Buwaya dito sa Ahensyang ito,,,, PERA, PERA,, ang mga habol ng mga BUWAYANG Ito; Mr. Bebot, Lanaja, M. Edwin Cac, at yung bago ngayong si Mr. Glenn na siya mismo pa ang gumawa ng Drone Survey na walang pahintulot o pirma man lang si OIC CENRO Arnoldo A. Blaza Jr. Nakikiusap po ako paki imbestigahan mo ng maga anomalyang ito PLEASE.....

Isa pa pong reklamo ko; doon po sa FOREST RESERVE sa itaas ng titled properties namin na inapplyan kung FLAG T ay mayroon na namang isang taong may Tax Declaration land sa kabila ng bundok ng aming area na illegal na sinakop at pinasusurvey ang Forest Reserve para idagdag doon sa kanyang 45 Hectares at para gawing 55 Hectares para ibenta sa isang malaking Chinese Construction Company sa Coron ang (B7, B Siete kung tawagin.

Ang pangalan ng taong ito ay si Mr. Justiniano "Malok" Rafols Gesta na naninirahan din sa kabilang bundok at nasasakupan ng Brg. Tagumpay sa Bayan/ Balisungan Sitio Banaba ng Coron. Maam Ferrer napakarami pong mga masasamang Budhi na mga tao sa Coron dahil lamang sa pangsariling kapakanan. Gumagawa sila ng mga illegal na transaction at ang kadalasan ay kasabwat nila ang ibang mga BUWAYA rin ng DENR dito sa Coron.

Maam Ferrer ipinapaabot ko po sa inyo ang reklamo kung ito patungkol sa mga illegal na nangyayari ngayon dito sa Coron. Isa po akung invironmentalist kaya gusto ko pong ma protektahan ang mga iilan na lang pong natitirang mga bundok at kagubatan ng Coron lalong lalo ng malapit sa aming area of propreties. Sana po at umaasa po akung bibigyan ninyo ng pansin at aaksionan bilang isang pinakamataas na tao sa Pamahalaan ng CENRO. Aasahan ko po ang inyong supporta ayon sa aking isiniwalat sa inyo. Maraming Salamat po at Gabayan po sana kayo lagi ng Poong Maykapal pati ng inyong buong Pamilya.

Lubos na Gumagalang,

Mrs. Cecilia Caabas Wollenweber